フィリピノ語

# Balitang Iwas Krimen Tungo sa Kaunlaran ng Bayan

No. 176

Ika−17 ng Disyembre 2020
Iwas Krimen tungo sa Kaunlaran ng Bayan
Inhilathala ng Lupon ng Mamamayan ng Shizuoka
Kalihim, Dibisyon ng Ligtas na Pamumuhay at Trapiko
TEL : 054-221-3715

## Mga insidente na tumutudla sa Kabataan

May isang batang babae na nilaslas ng isang lalaki gamit ang plastik na bagay habang siya ay naglalakad kasama ang mga kamag-aral papunta sa eskwelahan noong ika-2 ng Disyembre (Miyerkules), 7:30 ng umaga sa Lungsod ng Fujieda. Siya ay nagtamo ng sugat sa nasabing insidente at agad namang nahuli ang salarin. Ngunit, tumaas ang pagkabalisa ng mga mamamayan sa insidente dahil may kahalintulad na insidente na naganap sa lungsod kung saan may isang batang lalaki na nilaslas gamit ang kutsilyo at lubhang nasugatan habang ito ay naglalakad pauwi mula sa eskwelahan 2 taon na ang nakalipas.



**Maaaring gawin sa komunidad para mapangalagaan ang mga kabataan**



- Mangyaring magmasid sa paligid at siguraduhin na ligtas sa krimen ang mga bata habang ginagawa ang pang-araw araw na gawain tulad ng paglalakad sa aso o papasok sa trabaho!
- Aktibong isagawa ang Aoiro Iwas-krimen na Pagpapatrol!
  Ang Aoiro Iwas-krimen na Pagpapatrol ay hindi lamang malakas na nakakahadlang sa mga krimen ngunit nakakapagbigay kapanatagan sa mga mamamayan.

## Dapat paunahin ang mga tumatawid sa tawiran!

## Ang mga tao at sasakyan ay dapat sundin ang batas trapiko



Sa 107 katao na namatay sa aksidente sa trapiko sa Lalawigan ng Shizuoka (※Bilang hanggang ika-15 ng Disyembre),

**23 katao ang nasawi habang tumatawid sa daan.**

Para maiwasan ang aksidente sa pagitan ng sasakyan at mga tumatawid na tao, mahalagang sundin ng mga nagmamaneho at mga naglalakad ang batas trapiko.

### ○ Mga nagmamaneho ng sasakyan at motor

- Bagalan ang pagpapatakbo kung papalapit sa tawiran.
- Bigyan pansin ang mga palatandaan ng babala sa tawiran at kalsada.
- Kapag may tumatawid o nagbabalak tumawid na tao, huminto tayo sa palatandaan ng paghinto o sa harap ng tawiran.

### ○ Mga naglalakad

- Gamitin natin ang tawiran o tulay sa pagtawid kapag tatawid sa kalsada.
- Isaisip at intindihin na may pagkakataon na “hindi ka mapansin ng nagmamaneho ng sasakyan”.

**※『3 gawain ng mga tumatawid para mapangalagaan ang sariling kaligtasan』**

- Malinaw na ipagbigay alam sa drayber na gusto mong tumawid sa pamamagitan ng “pagtaas ng kamay”, “pagtaas paharap ng kamay” at “pagharap sa nagmamaneho”
- Siguraduhin kung ligtas ang paligid bago tumawid.
- Mag-ingat sa paligid habang tumatawid.



Huwag tayong tumawid sa mga lugar na may palatandaan na bawal tumawid.



# Hakbang Laban sa 'Panloloko sa Telepono'



Pinagmulan: Kapulisan

**○Alin hakbang ang iyong pipiliin?**

| | |
|---|---|
| ✚ Naka-on ang answering machine ng telepono kahit nasa bahay!<br>✚ Hindi sinasagot ang tumatawag hanggat hindi ito nag-iiwan ng mensahe sa answering machine!! | Hakbang① ⇒GO! |
| ✚ Kalimitan sa "ayaw ipaalam na numero" ay tawag na layuning manloko!<br>✚ Hanggat hindi napatunayan kung sino ang tumatawag o mula saan siya tumatawag, huwag sagutin ang telepono!! | Hakbang② ⇒GO! |
| ✚ May naka-rekord na awtomatik na magbababala na "ang tawag na ito ay ire-rekord" kapag ang tumatawag ay "ayaw ipaalam ang numero" o "hindi kilalang numero"<br>✚ Kapag nakarehistro ang mga numero ng mga kaibigan o kamag-anak, panatag ang ating kalooban kapag tumawag sila dahil lalabas ang pangalan at telepono sa display. | Hakbang③ ⇒GO! |

## Hakbang①

### 'Kahit nasa bahay, naka-on ang answering machine'

| | |
|---|---|
| **Halaga** | Libre!　＊Kapag ang unit ng telepono ay may answering machine |
| **Pakinabang** | Pipindutin lamang ang answering machine na pindutan at agad-agad makakaiwas! |
| **Kahinaan** | Hindi epektibo kung sasagutin ang tawag bago ito nai-forward sa answering machine! |

## Hakbang②

### Sinisigurado muna ang numero ng tumatawag sa display

| | |
|---|---|
| **Halaga** | 440 yen/buwan ang serbisyo (kalakip ang buwis) |
| **Pakinabang** | Maaaring makita ang numero ng tumatawag bago ito sagutin |
| **Kahinaan** | Kailangan na may suskrisyon sa caller ID ng NTT |

## Hakbang③

### Bumili ng unit ng telepono na may Kakayahan na labanan ang krimen

| | |
|---|---|
| **Halaga** | Halaga ng unit ay 10,000～20,000+serbisyo ng caller ID【440yen/buwan (kalakip ang buwis)】 |
| **Pakinabang** | Awtomatik na magre-rekord, nag-iiba ang kulay ng ilaw na nagpapaalam na may tumatawag kapag may panganib sa tawag |
| **Kahinaan** | May gastos na kasama para isagawa ang hakbang na ito |

**＊Piliin ang akmang hakbang sa inyo at labanan natin ang 'tawag para manloko'!!**